**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 6, 15-25




# Gender complexity: Pagsiyasat sa mga kaso ng gender shift sa impluwensiya ng Boys Love movie series sa kabataang milenyal

Formanes, Daril C. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (daril.formanes@lnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 16 March 2024 **Revised**: 30 April 2024 **Accepted**: 5 June 2024
**Available Online**: 5 June 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24016

OPEN ACCESS

***Abstract***

Gender is one of the blistering issues in any type of society, it solidifies an individual's stance on the level and gender status in society. This study is entitled “GENDER COMPLEXITY: PAGSIYASAT SA MGA KASO NG GENDER SHIFT SA IMPLUWENSIYA NG BOYS LOVE MOVIE SERIES SA KABATAANG MILENYAL." This study is based on Queer theory to further highlight the gender significance of the said study. It was conducted qualitatively using an intrinsic case study design. The substantial participation of Millennials as study participants served as a key to this research. This study demonstrated the state of gender shift among millennial youth—before and after prolonged viewing of Boys Love movie series. The study also identified the influences of BL-movie series on the gender shift of millennials in psychological, emotional, and social aspects. Meanwhile, to identify the unique effects of watching BL-movie series, this study pinpointed the positive and negative impacts on the gender expression of millennials.

***Keywords:*** Boys Love Movie Series, impluwensiya, kabataang milenyal, gender complexity, gender-shift

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Gender complexity: Pagsiyasat sa mga kaso ng gender shift sa impluwensiya ng Boys Love movie series sa kabataang milenyal

## 1. Abstrak

Ang kasarian ay isa sa mga usapin sa alin mang uri ng lipunan, pinagtitibay nito ang paninindigan ng tao hinggil sa antas at katayuang pang-gender sa Lipunan. Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang GENDER COMPLEXITY: PAGSIYASAT SA MGA KASO NG GENDER SHIFT SA IMPLUWENSIYA NG BOYS LOVE MOVIE SERIES SA KABATAANG MILENYAL. Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa sa teoryang Queer upang mas lalong mapalitaw ang kabuluhang pang-gender ng nasabing pag-aaral. Ginawa sa paraang kwalitatibo sa disenyong intrinsik (intrinsic case study). Nagsilbing susi sa pananaliksik na ito ang malaking partisipasyon ng mga Milenyal bilang mga kalahok ng pag-aaral. Ipinakita sa pag-aaral na ito ang estado ng gender-shift sa kabataang milenyal—bago at pagkatapos ng mahabang panonood ng Boys Love movie series. Tinukoy rin sa pag-aaral ang mga impluwensiya ng BL-movie series sa gender-shift ng mga milenyal sa aspetong sikolohikal, emosyunal, at sosyal. Samantala, upang matukoy ang mga natatanging epekto ng panonood ng BL-movie series ay tinukoy ng sa pag-aaral na ito ang mga naidulot na positibo at negatibo sa gender expression ng mga milenyal.

## 2. Introduksiyon

Kasarian ang isa sa mga matunog na usapin sa anong mang uri ng lipunan at sa katunayan ito ang pilit na isinisigaw ng mga taong nabibilang sa ikatlong kasarian o *third sex* lalo pa't hangad nila na gawing patas ang pagtingin sa kanila ng mga tao sa lipunan. Maraming mga salik ang higit na nakaiimpluwensiya sa katayuang panggender ng isang tao at ito ang nagiging dahilan sa kompliksidad ng kasarian ng isang indibidwal. Ang isang indibidwal ay maaaring magkaroon ng pagsi-shift ng kanyang *gender preference* dahilan sa maraming mga salik. Ayon sa pag-aaral nina Paris et al. (2021), may dalawang salik ang naka-iimpluwensiya sa kasarian ng isang tao ito ang bayolohikal at sosyolohikal na salik. Ipinaliwanag sa kanilang pag-aaral na kabilang sa bayolohikal na salik ay ang *pre-* at *post-natal hormone levels* at *genetic makeup* ng isa ng bata. Samantalang kabilang sa sosyolohikal na salik ang tungkuling pangkasarian sa pamilya, modelo sa pamayanan, *mass media*, at iba pang mga taong naka-iimpluwensiya sa buhay ng isang bata. Sa na sabing pag-aaral ay nabanggit ang impluwensiya ng *mass media* bilang isa sa mga salik nan aka-iimpluwensiya sa gender ng isang bata.

Sa usaping *gender complexity,* ang kasarian ay isang kumplikadong nararamdaman ng isang tao. Ayon kay Brauer (2015), ang kasarian ay isa lang sa mga itinuturing na salik ng kompleksidad*,* at ang kasarian mismo ay komplikado. Sa panahon ngayon, ang kabataan ay naggagalugad ng kanilang kanilang kasarian na ayon pa sa kanya, ito ang naging dahilan ng kanyang pagkatuto sa kasarian bilang: *Binary, universal* at *fixed.* Ayon kay Cruz (2021) sa panahon ng pandemya ay naging popular ang BL series bilang madalas na panoorin ng mga kabataan. Sa katunayan ito ay naging pangunahing tunguhan ng mga Kabataang Pilipino sa pagbabawas ng *stress* dahil sa pagkakaburyong dala ng istriktong implementasyon ng *lockdown.* Dagdag pa ni Abueg (2021) na isa sa mga mabilis na tangkilikin na tema ng pelikula sa panahon ng pandemiya ay ang BL o ang Boys Love na napapatungkol sa pag-ibig ng lalaki sa lalaki.

Sa pag-aaral ni Reyes (2020), sinasabi na nagkaroon ng pagkakataon na makapanood ang mga Pilipino ng mga BL series, kung kaya ito ay pumatok sa panlasa ng mga Pilipino at pinagpiyestahan ang mga ito sa sosyal na midya katulad ng *2gether the Series.* Dagdag pa niya, nagtatagumpay ang mga BL series dahil ang mga tauhan na nagsisiganap ay may taglay na kagwapuhan na nagdudulot ng pantasya sa mga manonood na ang wagas na pagmamahalan ay hindi lamang sa magandang lalaki at babae kundi pati rin sa mga lalaki at lalaki. Dagdag pa sa pag-aaral ni Abueg (2021) na ang pag-usbong ng BL series ay nagiging daan sa unti-unting pagtaas ng pagtanggap ng mga materyal na may BL na tema sa telebisyon at iba pang *social media platforms*.

Sa pag-aaral na ito ay binigyang tuon ang epekto ng BL movie series bilang bahagi ng *mass media* na nakaiimpluwensiya sa *shift* o paglilipat ng kasarian ng tao. Ang Boy love movie series ay isa sa mga naging patok na panoorin sa kasalukuyang panahon, katunayan hindi lang ang mga taong kabilang sa third sex ang nahuhumaling dito bagkus, ma pa lalaki man o babae ay nahuhumaling sa mga ganitong palabas sa social media. Dahil sa penomenong ito na umusbong sa lipunan ay lakas loob na tahasang pag-aralan ng mananaliksik ang napaka-sensitibong bagay na ito. Pokus ng mananaliksik na tukuyin ang mga kaso ng gender-shift sa impluwensiya ng BL movie series sa kabataang milenyal na siyang bahaging usapin ng gender-complexity sa kasalukuyang panahon. Nakita ng mananaliksik ang hindi gaanong maraming pag-aaral tungkol sa mga bagay na nakaaapekto sa gender-shift ng mga kabataan sa kasalukuyang, kaya upang matugunan ang mga agam-agam na ito ay lakas loob na hinanap at siniyasat ng mananaliksik ang mga tugon hinggil sa mga kaso ng gender-shift sa impluwensiya ng Boy Love movie series sa kabataang milenyal.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Sa pag-aaral na ito ay nilayon ng mananaliksik na masiyasat ang mga kaso ng Gender-shift sa Impluwensiya ng mga Boys Love Movie Series sa Kabataang Milenyal na kabilang sa kaso ng *gender complexity* sa pamamagitan ng sumusunod mga layunin:

- Malaman ang impluwensiya ng Boys Love movie series sa gender-shift ng mga kabataang milenyal: Sikolohikal, Emosyunal, at Sosyal.
- Matukoy ang epekto ng Boys Love movie series sa Gender Expression ng kabataang milenyal: Positibo at Negatibo

*2.1 Saligang Teoretikal*

Naging pangunahing saligan ng pag-aaral na ito ang **teoryang Queer** nina Michael Foucault, Gayle Rubin, Eve Kosofsky Sedgwick, at Judith Butler. Ang pananaw nina Michael Foucault hinggil sa sekswalidad ay nagsabi na ito ay isang masalimuot na produksyon sa halip na isang mahalagang bahagi lamang ng isang tao, na nagmula sa kanyang mas malaking ideya ng kapangyarihan na hindi panunupil at negatibo bilang produktibo at *generative*. Sa madaling salita, kumikilos ang kapangyarihan upang gawing parang isang nakatagong katotohanan ang sekswalidad na dapat hukayin at gawing tiyak. Tumanggi si Foucault na tanggapin na ang sekswalidad ay maaaring malinaw na aspekto, at sa halip ay nakatuon sa malawak na produksyon ng sekswalidad sa loob ng mga pamahalaan ng kapangyarihan at kaalaman.

Sa pag-aaral ni Foucalt (1990), binigyang diin niya na ang kasarian ay isang produksiyon ng kagamitang pansekswalidad. Kaya naman sa pag-aaral na ito ay binigyang halaga na tukuyin ng mananaliksik ang Boys Love movie series bilang isa sa mga bagay pang-sekswalidad na nagiging dahilan sa produksiyon ng *gender identity* at *preference* ng isang tao. Upang mas maiugnay ng mananaliksik ang ideya ni Foucalt, tinukoy ng mananaliksik ang *exposure* ng mga kalahok sa pagtangkilik ng BL movie series. Isa sa mga tiningnan na salik ng mananaliksik ay ang exposure ng mga kalahok sa mga Boys Love movie series bilang materyal na nakapagbibigay ng impluwensiya sa kasariaan ng isang tao. Kung kaya, sa pag-aaral na ito ay makikita ang kahalagahan ng BL movie series bilang kagamitang *generative*.

***Saklaw at Limitasyon -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsiyasat sa mga kaso ng gender-shift sa impluwensiya ng mga Boys Love movie series sa kabataang milenyal. Ang pag-aaral na ito ay sasaklawing pag-aralan ang mga kaso ng gendershift sa mga kabataang milenyal. Maliban lamang, ay tiningnan ang mga impluwensiya ng BL movie series at ang naidudulot nito sa buhay ng tao.

***Kahalagahan ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito naglalayong makatulong sa pagtukoy ng mga impluwensiyang pang-gender ng mga Boys Love movie series sa kabataang milenyal. Malaki ang pakinabang ng pananaliksik na ito lalo na kyuryosidad ng mga taong patuloy na nagugulaminan sa mga pagbabagong pang-gender ng kabataang milenyal sa kasalukuyang panahon dahil sa impluwensiya ng panonood ng Boys Love movie series.

**Kabataang Milenyal.** Mahalaga ang pag-aaral na ito mahalaga sa kabataang milenyal na patuloy na sumasalig sa iba't ibang paniniwalang pang-gender. Mas mauunawaan ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon kung bakit may mga pangyayaring pagbabago sa kasarian ng isang indibidwal dahil sa impluwensiya ng BL movie series.

**Mga Homophobic.** Upang mas mabuksan ang kanilang mga isip sa pagtanggap ng mga pananaw panggender sa kasalukuyang panahon. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang sa pamamagitan ng mga natukoy na impluwensiyang pang-gender ng mga BL movie series ay maunawaan nila na hindi kagustuhan ng sino man ang pagbabago sa gender-preference ng isang tao bagkus ito ay dala ng maraming mga impluwensiyang panlipunan at bayolohikal.

**Lipunan.** Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa lipunan lalo pa't iba't iba ang pananaw ng bawat tao sa lipunan sa usaping pang-gender. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay mauunawaan ng marami na hindi isang sakit ang mga pagbabagong pang-gender ng isang tao bagkus ito ay dulot ng impluwensiyang bayolohikal at sosyolohikal at isa ang BL movie series sa natukoy na malaki ang impluwensiya sa paglilipat gender ng isang tao. Mahalaga rin sa lipunan ang pag-aaral na ito upang malaman ang mga positibo at negatibong impluwensiya ng BL movie series sa kabataang milenyal sa aspektong sikolohikal, emosyunal, at sosyal.

**Mananaliksik.** Mahawi ang kyuryosidad hinggil sa usaping *gender shift* ng kabataang milenyal. Mahalaga rin ang pag-aaral na ito sa mananaliksik dahil sa pamamagitan nito'y mas napatunayan na Malaki ang salik ng mass media lalo na ang panonood ng BL movie series sa pananaw pang-gender ng isang tao. Mahalaga rin sa mananaliksik ang pag-aaral na ito sapagkat mas naging daan ito upang mas buksan pa ang kanyang isipan sa mga usaping pang-gender bilang isang konstant na pagbabagong pansarili.

### *2.2 Depenisyon ng mga Terminolohiya*

May mga nabanggit na mga salita na dapat na bigyan ng kaugnay na kahulugan batay sa gamit nito sa nasabing pananaliksik at at kahulugan nito batay sa orihinal nitong kahulugang konseptwal, ang mga sumusunod ay mga:

**Gender Complexity.** Ito ay kaso ng pagsasaliksik ng isang tao sa kanilang kasarian sa maraming aspekto, (Brauer 2015). Sa pananaliksik namang ito ay binigyang kahulugan ang gender complexity bilang mga kasong na paghahanap ng ganap na kasarian.

**Boys Love Movie Series.** Isang subculture na genre ng fictional media na tinukoy ng pagkakaroon ng romantikong relasyon ng lalaki-lalaki. Sa pag-aaral na ito ay tinukoy ang nasabing platform bilang kagamitang nakagpagdudulot ng pagbabago sa gender preference ng isang tao.

**Gender Shift.** Ang isang kawili-wiling bahagi ng pag-unlad ng mga nasa hustong gulang ay "pagbabago ng kasarian": ang paglipat mula sa tradisyonal na mga pattern ng buhay o mga paraan ng paggawa ng kahulugan na nauugnay sa stereotypical na mga tungkulin ng lalaki o babae (Wolf, 1996). Sa pag-aaral na ito ay tinukoy ang Gender-shift bilang phenomenon ng pagpapalit ng kasarian mula sa bayolohikal na kasarian tungo sa iba pang gender at ang kasalukuyang gender preference tungo naman sa panibagong kasarian.

**Gender Preference.** Ito ay tumutukoy sa antas kung saan mas gusto ng isang tao na magkagusto, makipagkaibigan o maging kakilala sa mga kaparehong kasarian kumpara sa mga kapantay na kasarian.

**Milenyal.** Ang milenyal ay henerasyon na sinasabing mas mulat dahil sa access sa iba't ibang impormasyon sa tulong sosyal midya at iba pang tiyak na gadyet.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng disenyong intrinsik na pag-aaral sa kaso (Intrinsic Case Study). Nabanggit sa pag-aaral ni Galit (2022), na ayon

kay Stake (1995) na gumamit ng terminong intrinsic case study at nagmumungkahi sa mga mananaliksik na mayroong tunay na interes sa pag-aaral sa kaso na dapat gamitin ang pamamaraang ito kapag ang layunin ay mas mahusay na unawain ang kaso o penomenon. Hindi ito pangunahing isinagawa dahil kinakatawan ng kaso ang iba pang mga kaso o dahil ito ay naglalarawan ng isang partikular na katangian o problema, ngunit dahil sa kabuuang partikularidad nito at pagiging karaniwan.

Ayon sa aklat nina Roller at Lavraskas (2015) na *Applied Qualitative Research Design*, Ang natatanging tekstong ito ay nagbibigay ng komprehensibong balangkas para sa paglikha, pamamahala, at pagbibigay-kahulugan sa mga pag-aaral ng husay sa pananaliksik na nagbubunga ng wasto at kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang mga halimbawa ng mga pag-aaral mula sa malawak na hanay ng mga disiplina ay naglalarawan ng mga kalakasan, limitasyon, at aplikasyon ng mga pangunahing pamamaraan ng husay: malalim na mga panayam, *focus group discussion*, etnograpiya, pagsusuri sa nilalaman, at *case study* at pagsasalaysay na pananaliksik. Kasunod ng pareparehong format, ipinapakita ng mga kabanata sa mga mag-aaral at mananaliksik kung paano ipatupad ang bawat pamamaraan sa loob ng *paradigm-neutral* at *flexible* na *Total Quality Framework* (TQF) na binubuo ng apat na magkakaugnay na bahagi: *Credibility, Analyzability, Transparency*, at *Usefulness.*

Samantala, binigyang linaw naman ni McCombes (2019), na mainam na gamitin ang disenyong nabanggit lalo pa sa mga detalyadong pag-aaral ng isang tukoy na paksa sa paglalarawan, paghahambing, pagsusuri at pagunawa sa iba't ibang aspekto ng isang suliranin. Dagdag pa niya, ang deskriptibong pananaliksik ay isang angkop na pagpipilian kapag ang layunin ng pananaliksik ay tukuyin ang mga katangian, dalas, uso, at kategorya. Ito ay kapaki-pakinabang kapag wala pang nalalaman tungkol sa paksa o problema. Bago ka makapagsaliksik kung bakit nangyayari ang isang bagay o penomenon, kailangan mong maunawaan kung paano, kailan at saan ito nangyayari.

Gamit ang purposive sampling ay pinili ang mga kalahok batay sa pamantayang binuo upang matiyak ang kalidad ng datos na makukuha. Una (1) ang kalahok ay dapat na isang milenyal ano mang edad o gulang, pangalawa (2) isang panatiko o nanonood ng Boy Love (BL) movie series at pangatlo (3) kabilang sa mga dumaan sa mga kaso ng *gender-shifting* o ang paglilipat-kasarian. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng isang indibidwal na interbyu gamit ang semi-structured na talatanungan sapagkat na niniwala ang mananaliksik na ang usaping pang-gender ay isang sensitibong usapin. Sa pamamaraang birtuwal ay isinagawa ang indibidwal na interbyu upang maprotektahan ang bawat is amula sa panganib na dal ana CoVid'19. Naging mahalagang pagsasaalang-alang din ng pag-aaral ang mga etikal na konsiderasyon sa pagpili ng kalahok at siniguradong boluntaryo at taos-puso ang kanilang partisipasyon, ang mga personal na impormasyon at mga datos na nakuha mula sa mga kalahok ay pinanatiling kumpidensiyal at ginamit para lamang sa layunin ng pag-aaral.

Ginamit sa pananaliksik ang paraang pagtetema/pagkokoda bilang tritment sa mga datos na nakuha mula sa mga kalahok. Ang pagtetema/pagkokoda ay isang paraan kung paano tinutukoy ang datos na pinag-aaralan. Ang pagkokoda sa kwalitatibong pananaliksik ay binubuo ng mga proseso na nagbibigay-daan sa mga nakolektang datos na pinagsama-sama, ikinategorya, at pinagsunod-sunod ayon sa tema, na nagbibigay ng organisadong plataporma para sa paggawa ng kahulugan. Habang ang mga oryentasyon ng kwalitatibong pananaliksik ay naiiba sa teorya at pagpapatakbo na may kaugnayan sa pamamahala ng mga nakolektang datos, bawat isa ay gumagamit ng isang paraan para sa pag-aayos nito sa pamamagitan ng pagkokoda. Ang mga pamaraan ng pagkokoda ay gumamit ng mga prosesong nagpapakita ng mga tema na nakasalalay sa mga datos na nagmumungkahi naman ng pampakay na direksyon patungo sa pagkakategorya ng datos, kung saan ang kahulugan ay maaaring mapag-usapan, mai-codify, at maipakita. Ang coding ay isang pangunahing *structural operation sa* kwalitatibong pananaliksik na nagbibigay-daan sa pagsusuri ng data at sunud-sunod na mga hakbang upang maihatid layunin ng pag-aaral.

Samantala, nabanggit sa pag-aaral ni Galit (2022), na ayon kay (Gibbs, 2012) ang pagtetema/pagkokoda ay nagsasangkot ng pagkilala at pagtatala ng isa o higit pang mga sipi ng teksto o iba pang mga aytem sa datos tulad ng mga bahagi ng isang teksto na sa ilang mga kahulugan, ay nagpapakita ng pagkakatulad at parehong teoretikal at deskriptibong ideya. Ginamit ng mananaliksik ang paraang ito upang organisahin ang mga datos na nakuha mula

sa isinagawang pagsusuri upang mabigyan ng angkop at tapat na interpretasyon. Muli ring ipinakita sa mga kalahok ang resulta ng panayam upang masigurado ang kapaniwalaan ng pagsusuri.

***Mga Kalahok -*** Nagsilbing susi sa pananaliksik na ito ang malaking partisipasyon ng mga kabataang milenyal bilang mga kalahok ng pag-aaral. Sa pagpili sa mga ito ay naging maingat ang mananaliksik sa pagtukoy sa mga salik na nagpakwalipika sa kanila. Una (1), tiniyak na kabilang ito sa mga itinuturing na milenyal sa pamamagitan ng pagtatanong sa edad, lalaki man o babae sa bayolohikal na kasarian. Pangalawa (2), ang pagkahilig ng mga ito sa panonood ng mga BL movie series bilang isang mabigat na baryabol ng pananaliksik. Sa kabuuang bilang ay umabot ng anim (6) na mga kalahok ang naging daan upang masuri ang kaso ng mga *gender-shifting* sa impluwensiya ng BL movie series sa kabataang milenyal.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Naging malaking kasangkapan sa pag-aaral na ito ang pakinabang ng mga semi-structured na mga tanong na siyang ginamit ng mananaliksik upang makuha ang mga inaasahang mga resulta ng pananaliksik. Ang mga nabuong mga katanungan ay siyang ginamit sa isinagawang interbyu o pakikipanayam sa mga kabataang milenyal. Ang semi-structured questionnaire ay isang uri ng panayam kung saan ang tagapanayam ay nagtatanong lamang ng ilang paunang natukoy na mga katanungan habang ang iba pang mga tanong ay hindi pinaplano nang maaga. Sa mga semi-structured na panayam, ang ilang mga katanungan ay paunang natukoy na tinanong sa lahat ng mga sample na tumugon, habang ang iba ay kusang lumabas sa isang malayang pag-uusap.

***Etikal na Konsiderasyon -*** Ang pagsasagawa ng pangangalap ng mga datos ay isang mahirap na gawain sapagkat ito ay nangangailangan ng mga konsiderasyon. Ang kasalukuyang pag-aaral ay maituturing na isang senstibong isyu lalo pa't kasarian ang pinag-uusapan, ngunit dahil sa kyuryosidad ng mananaliksik sa *gender-complexity* ay maingat na kinalap ang mga kasagutan sa pamamagitan ng isang indibidwal na interbyu sapagkat naniniwala ang mananaliksik na ang usaping pangkasarian ay isang sensitibong bagay. Bago isagawa ang panayam ay kinuha muna mananaliksik ang pahintulot at taos-pusong pagtugon ng mga kalahok sa isinagawang panayam sa pamamagitan ng isang liham at isinaalang-alang din ng mananaliksik ang kumpidensiyaliti ng mga tugon.

***Pangangalap ng mga Datos -*** Pagkatapos na maaprubahan ang instrumento ng pananaliksik at makahingi ng pahintulot sa pamamagitan ng ng mga legal na hakbangin, ang mananaliksik ay agad na nangalap ng mga impormasyon hinggil sa mga kaso ng *gender-shifting* sa impluwensiya ng mga BL movie series. Sa mga nakalap na mga kaso ng gender-shifting ay binalideyt ito sa pamamagitan ng simpleng paunang mga katanungan. Sa mga kwalipikadong kalahok, bago ang mga ito kapanayamin ay kinuha muna ang kanilang pahintulot at taos-pusong pagtugon sa pamamagitan ng isang liham ng mananaliksik.

***Pagsusuri ng mga Datos -*** Pagkatapos na makalap ng mananaliksik ang mga kinailangang datos ay sinuri ang mga tugon ng mga kalahok sa interbyu. Sa pamamagitan ng pagtetema at pagkokoda ay isinagawa ang tritment ng mga datos. Sa pagaaral na kwalitatibo sa disenyong *intrinsic* ay mainam na gamitin ang *thematic analysis at coding* sapagkat ito ang malinaw na pamamaraan sa makatutuhanang resulta ng kwalitatibong pananaliksik. Ayon kay Maguire at Delahunt (2017), ang pagsusuri ng mga datos ay sentro sa mapagkakatiwalaang husay ng pananaliksik. Tunay na ang kwalitatibong pananaliksik ay kadalasang inilalarawan bilang instrumento sa pananaliksik hangga't ang kanyang kakayahang umunawa, ilarawan at bigyang-kahulugan ang mga karanasan at pananaw ay susi sa pagtuklas ng kahulugan sa partikular mga pangyayari at konteksto. Habang marami ang naisulat tungkol sa pagsusuri ng husay mula sa teoretikal na pananaw. Napansin nina Maguire at Delahunt na madalas na mga baguhan at mas may karanasang mga mananaliksik ang mahilig makipagbuno sa 'paano' ng pagsusuri sa husay nito.

## 4. Paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga datos

Sa bahaging ito ilalahad ang mga resulta o bunga ng mga isinagawang pagsusuri sa mga tugon ng mga kalahok sa panayam hinggil sa mga kaso ng gender-shift sa mpluwensiya ng mga boy love (BL) movie series sa kabataang milenyal. Matutunghayan din sa bahaging ito ang mga kasagutan sa mga suliraning inilahad sa unang kabanata ng kasalukuyang pag-aaral na siyang naging daan din sa matagumpay na paglutas sa mga kaso ng gender-shift sa mga kabataang milenyal.

*4.1 Mga impluwensiya ng BL movie series sa gender-shift ng mga kabataang milenyal.*

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang mga impluwensiya ng BL movie series sa gender-shift ng mga kabataang milenyal. Binigyang halaga ang tatlong aspekto katulad ng sikolohikal, emosyunal, at sosyal. Ayon sa pag-aaral nina Bussey at Bandura (1999), Pinagsasama sa *Social cognitive theory of gender development and differentiation* ang mga sikolohikal at sosyo-struktural na *determinant* sa loob ng isang pinag-isang istrukturang konsepto. Sa teoretikal na pananaw na ito, ang mga konsepto at tungkulin ng kasarian ay produkto ng isang malawak na network ng mga impluwensyang panlipunan na gumagana nang magkakaugnay sa iba't ibang mga *subsystem* ng lipunan. Ang ebolusyon ng tao ay nagbibigay ng mga istruktura ng katawan at mga potensyal na biyolohikal na nagpapahintulot sa isang hanay ng mga posibilidad sa halip na magdikta ng isang nakapirming uri ng pagkakaiba ng kasarian. Ang mga tao ay nag-aambag sa kanilang pag-unlad sa sarili at nagdudulot ng mga pagbabago sa lipunan na tumutukoy at nagbubuo ng mga relasyon sa kasarian sa pamamagitan ng kanilang mga aksyong ahente sa loob ng magkakaugnay na sistema ng impluwensya.

Kaya naman ang kasalukuyang pag-aaral ay naglayon na matukoy ang mga impluwensiyang naidulot ng mga BL movie series sa kaso ng mga gender-shift sa kabataang milenyal sa mga aspektong sikolohikal, emosyunal, at sosyal.

***Sikolohikal -*** Base sa isinagawang interbyu ng mananaliksik sa mga kalahok ay naging daan ang katanungang, *Ano ang impluwensiyang sikolohikal ng BL movie series sa iyong gender-shift?*

Base sa mga nalikom na mga kasagutan mula sa mga kalahok ay may tatlong tema ang kanilang mga tugon mula sa tanong, ito ang **pagiging bukas hinggil sa usaping pangkasarian, dahilan ng pagiging relaks, pagbabago ng personal na istandard sa buhay**. Mapapatunayan na ang mga nabanggit na mga kasagutan ay siyang mga espesipikong dahilan sa pag-iisip ng tao hinggil sa kaso ng kanilang gender-shift. Batay sa interbyu gamit ang mga *semi-structured* na mga katanungan ng mananaliksik ay nabanggit ang mga pahayag na:

> *"Mas naconditioned po an akon mind and belief about gender orientation, in short mas nagin malawak nak understanding about LGBTQIA+"*
>
> *[Mas nakondisyon po ang aking isip at paniniwala hinggil sa oryentasyong pangkasarian, sa madaling sabi ay mas bukas pa ang isip sa pang-uanawa sa LGBTQIA+]*

Mababanaag sa pahayag na ito na ang patuloy na panonood ng kalahok sa BL movie ay nagkokondisyon sa kanyang utak upang mas maging bukas pa sa iba't ibang oryentasyon ng kasarian. Dagdag pa sa mga pahayag na magpapatunay na dahil sa panonood ng BL movie series ay dumaraan ang utak ng isang tao sa tinatawag *conditioning.*

> *"Kun nagkikita ak mas narerelax ako tas usa hiya nga akon stress reliever especially kun maupay an story kay inspiring."*
>
> *[Kung nanonood ako ay mas narerelaks ako at isa siya sa aking stress-reliever lalo na kung maganda ang istorya ng palabas.]*

Patunay ang pahayag na ito na dahil sa mahabang panahon ng panonood ay mas nagagagad ng isang indibidwal ang mga pangyayari sa isang pelikula o palabas. Isa pang impluwensiya sa apektong sikolohikal ay ang pagbabago ng personal na istandard sa buhay, sa mga pahayag na:

> *"For me the psychological influence sa akin ng panonood ng BL movies ay yung pagsi-set ko ng aking personal na standard interms of choices"*
>
> *[Para sa akin ang saykolohikal na impluwensiya ng panonood ng BL movie series ay ang pagsi-set ko ng aking mga personal na istandard sa aking mga choices.]*

Sa pahayag na ito ay mapapansin na ang personal na istandard ng isang tao sa buhay ay nagbabago rin dala ng kanyang panonood ng BL movie series. Masasabi na ang mahabang panonood na siyang sanhi ng mahabang pagkondisyon sa utak ng tao na umaabot sa punto ng pagbabago sa paniniwala at pananaw sa buhay ng isang tao. Sa pangkalahatan, ang mga kaso ng *gender-shift* ay masasabi na isang produkto ng impluwensiyang sikolohikal ng Boy Love (BL) movie series.

***Emosyunal -*** Sa usaping pang-kasarian, ang emosyon ay isa sa mga pinakaiingatang hindi mabasag na aspekto sa isang tao. Sa dalawang pangunahing kasarian sinasabi na ang mga babae ay nagpapakita ng medyo mas malakas na emosyonal na pagpapahayag, samantalang ang mga lalaki ay may mas malakas na emosyonal na mga karanasan na may galit at positibong stimuli (Deng, et al. 2016). Ang ganitong pag-aaral ay isang pagpapatunay lamang na ang aspektong emosyunal ng isang tao ay isang napaka sensitibong bagay.

Ang kasalukuyang pananaliksik ay binigyang tuon din ang emosyunal na aspeto ng isang tao lalo pa't nakita na ang pagbabago ay hindi lamang epekto ng sikolohikal at sosyolohikal na aspeto bagkus malaki rin ang epekto ng emosyon ng isang tao. Base sa mga datos ng nakalap ay nakita na ang gender-shift sa kabataang milenyal ay dahil sa epektong emosyunal ng mga BL movie series.

Matutunghayan ang mga tugon gamit ang semi-structured na katanungan na, *Ano ang emosyunal na impluwensiya ng BL movie series sa iyong gender-shift?* Ang sumusunod na mga pahayag ng mga kalahok ay makikita sa ikatlong (3) talahanayan na nakasaad sa tunay nitong transkrip at ang salin nito sa filipino at ang pagtetema sa mga ito bilang pag-aanalisa.

Lumabas na may tatlong (3) tema ang tugon ng mga kalahok, ang mga ito ay ang **pagiging mapagpahayag, dahilan ng kasiyahan, at pagiging sensitibo**, ang mga ito ay mga impluwensiyang emosyunal ng mga BL movie series sa gender-shift ng mga kabataang milenyal. Mababanaag sa mga resulta na ang emosyon ng isang tao ay mahalagang salik na higit na naaapektuhan ng pagbabago. Higit sa tatlong tema ng mga tugon ay ang impluwensiya ng BL movie series bilang daan sa mas mapagpahayag na indibidwal sa mga usaping pang-gender. Makikita sa mga tugon sa orihinal na transkrip kung papaano na ang emosyon ay lubos na naiimpluwensiyahan. Sunod na tema sa mga tugon na kalahok ay ang impluwensiya ng BL movie series bilang dahilan ng kasiyahan. Isa pang natukoy na impluwensiyang emosyunal ng panonood ng BL movie series sa gender-shift ng mga kabataang milenyal ay ang pagiging sensitibo sa damdamin ng ibang tao.

***Sosyal -*** Ang sosyal na aspekto sa buhay ng tao, sa pag-aaral ng Annenberg Learner (1997), ang mga kadahilanang panlipunan ay nakakaapekto sa mga pag-uugaling partikular sa kasarian. Ang mga pakikipag-ugnayan ng ina at anak ay ipinapakita, na naglalarawan ng mga tipikal na pagkakaiba sa kung paano tinatrato ang mga batang lalaki at babae, at kung paano nakakaapekto ang paggamot na ito sa pagkakakilanlan ng kasarian, mga tungkulin, at mga inaasahan, at mga nakikitang pagkakaiba sa kakayahan. Kaya naman, sinikap ng mananaliksik na siyasatin ang mga kaso ng impluwensiyang sosyal ng mga BL movie series sa gender-shift ng kabataang milenyal bilang bahagi sa isyu ng gender complexity.

Matutunghayan ang mga tema na nabuo mula sa mga tugon ng mga kalahok sa tanong na, *Ano ang impluwensiyang sosyal ng BL movie series sa iyong gender-shift?* mapapansin na ang mga tugon ng mga kalahok ay natitema sa dalawa, ito ang **pagiging mapagpahayag (***expressive***) at pagiging bukas sa pagtanggap**. Ang mga uri ng tugong ito ay makikita ang mga orihinal na transkrip sa talahanayan. Base sa pag-aanalisa ng mananaliksik ay masasabi na ang sosyal na aspekto ng mga kalahok ay apektado ng impluwensiya ng BL movie series. Masasabi na dahil sa nangyaring *conditioning* ng utak ng tao ay mas naging bukas ang sila sa lipunan lalo na sa pagpapahayag ng kanilang kasarian, ibigsabihin ang epekto ng BL movie series sa sosyal na aspekto ng mga kalahok ay nagiging daan din sa kanilang gender-shift.

*4.2 Malaman ang mga naidudulot ng Boy Love movie series sa Gender Expression ng kabataang milenyal.*

Sa suliraning ito ng pananaliksik ay malalaman ang iba't ibang epekto o naidudulot ng Boy Love (BL) movie

series sa gender expression ng kabataang milenyal. Tinukoy ng kasalukuyang pag-aaral ang dalawang klase ng epekto, ang positibo at negatibo upang nang sa gayo'y mas maunawaan ng sino man na hindi lamang isang bagay na pinapanood ang mga BL movie series bagkus ay isang *tool* o kasangkapan sa gender-shift ang mga ito.

***Positibo -*** Ang pag-aaral na ito ay nilayong siyasatin ang mga positibong dulot ng BL movie series sa *gender expression* ng kabataang milenyal. Mapapansin ang mga tugon ng mga kalahok hinggil sa katanungang, *ano ang positibong naidudulot ng Boy Love (BL) movie series sa iyong gender expression?*

Batay sa mga nakalahad na mga tugon ng mga kalahok, makikita na ang mga ito ay natitema sa apat (4), ito ang **pagiging ganap sa sarili, pagiging mapagpahayag** o *expressive***, pagiging bukas sa ano mang relasyon, at pagiging sensitibo**. Ang mga nabanggit ay batay sa mga orihinal na pahayag ng mga kalahok na inanalisa ng mananaliksik. Mapapansin sa tugon ng mga kalahok na mas naging matapang sila pagdating sa kanilang mga paniniwalang pangkasarian, ito ay indikasyon lamang na ang BL movie series ay isang sangkap na nagpapabago sa pananaw ng kabataang milenyal.

***Negatibo -*** Sa bahaging ito ay ipapakita ang pag-aanalisa sa mga tugon ng mga kalahok hinggil sa negatibong naidudulot ng BL movie series sa gender-expression ng kabataang milenyal.

Sa pamamagitan ng katanungang *ano ang negatibong naidudulot ng Boy Love (BL) movie series sa iyong gender expression?* Ay nabuo ang mga tugong mula sa mga kalahok ng kasalukuyang pag-aaral. Makikita na ang mga ito ay natitema sa tatlo (3) ito ay ang**, pag-iisip ng hindi makatotohanag pangyayari, pagiging insensitibo, at pagiging bahagi na ng buhay ang BL** (routine). Sa mga nabanggit na tema ng mga sagot ay masasabi na iba-iba ang negatibong epekto ng panonood ng BL movie series sa gender expression ng mga milenyal. Ngunit, masasabing mas mapanganib sa sarili ang mga ito kung hindi maiibsan o di kaya'y mabalanse.

Mapapansin din na ang lahat ng mga tugon ng mga kalahok ay mabibilang sa mga negatibong epektong sikolohikal at emosyunal.

## 5. Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon Lagom

Dahil sa isyu ng gender-shift na bahagi sa isyu ng gender-complexity ay nilayon ng mananaliksik na masagot ang mga agam-agam hinggil sa mga usaping ganito. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay umaasa ang mananaliksik na makapag bigay ito ng input sa mga taong nagugulaminan hinggil sa isyu ng gender complexity.

Batay sa layunin ng pag-aaral, makikita ang pananaw ng kalahok hinggi sa mga usaping gender complexity, kagaya ng mga impluwensiya ng BL movie series sa gender-shift ng isang tao. lumabas din sa pag-aaral ang mga positibo at negatibong naidudulot ng BL movie series sa gender expression ng tao. binigyan din ng kasagutan ng kasalukuyang pananaliksik ang hinggil sa isyu ng gender-shift na isa sa mga matunog na usapin sa lipunan patungkol sa kasarian. Higit na pinag-igihang aralin ng mananaliksik ang mga kaso ng gender-shift sa kabataang milenyal sa kasalukuyang panahon sapagkat nais na bigyang linaw ng mananaliksik kung may impluwensiya ba ang panonood ng Boy Love movie series sa *gender-orientation* ng mga milenyal.

Batay sa isinagawang interbyu sa mga kalahok ng pananaliksik ay nalaman na totoo ang kaso ng gendershift sa kabataang milenyal. Ito ay salig sa paniniwala na ang sikolohikal, emosyunal, at sosyal na aspekto ng isang tao ay nakaaapekto sa kasarian ng isang tao. Maliban lamang ay napatunayang sa pamamagitan ng mga aspektong sikolohikal, emosyunal, at sosyal ay naiimpluwensiyan ng panonood ng BL movie series na siyang nagiging dahilan sa pagkakakondisyon sa utak, damdamin, at sosyal na aspeto ng isang tao kung kaya't nagkakaroon ng gendershifting.

### *5.1 Kongklusyon*

Dahil sa pagnanais ng mananaliksik na makabuo ng isang magandang resulta sa pag-aaral na ito, minabuti niyang siyasatin ang kaso ng gender-shift sa impluwensiya ng Boy Love movie series sa kabataang milenyal. Batay

sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik sa mga tugon ng mga kalahok ay lumabas ang samu't saring mga resulta na naging sanhi at sa pagkakabuo sa mga sumusunod na konklusyon:

- Napatunayan ang mga kaso ng gender-shift sa kabataang milenyal at nag-ugat ito sa mahabang panahon ng *exposure* sa panonood ng Boy Love movie series.
- Nabigyang linaw na ang Boy love movie series ay naka-iimpluwensiya sa sikolohikal na aspeto ng tao kagaya ng, pagiging bukas hinggil sa usaping pangkasarian, dahilan ng pagiging relaks, at pagbabago ng personal na istandard sa buhay.
- Nalaman na ang Boy love movie series ay naka-iimpluwensiya sa emosyunal na aspeto ng tao kagaya ng pagiging mapagpahayag, dahilan ng kasiyahan, at pagiging sensitibo
- Napag-alaman na ang Boy love movie series ay naka-iimpluwensiya sa sosyal na aspeto ng tao kagaya ng, pagiging mapagpahayag at pagiging bukas sa pagtanggap.
- Nalaman na ang panonood ng BL movie series ay napagdudulot ng mga positibong epekto sa gender expression ng isang milenyal kagaya ng pagiging ganap sa sarili, pagiging mapagpahayag o *expressive,* pagiging bukas sa ano mang relasyon, at pagiging sensitibo
- Nalaman na ang panonood ng BL movie series ay napagdudulot ng mga negatibong epekto sa gender expression ng isang milenyal kagaya ng pag-iisip ng hindi makatotohanag pangyayari, pagiging insensitibo, at pagiging bahagi na ng routine ang panonood ng BL.

*5.2 Rekomendasyon*

Batay sa mga isinagawang analisis ng mananaliksik sa mga datos na nakalap at batay rin sa mga kongklusyong nabuo ay inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusnod upang magsilbi pang gabay sa mga nag-nanais pang magsaliksik na:

- Sa mga kabataang milenyal o sa sino man na hindi pa gaanong napapabatid ang kanyang tunay na kasarian ay makatutulong ang panonood ng BL movie series upang makondisyon ang iyong utak, damdamin at gawi tungo sa pagpapahayag ng totoong kasarian.
- Sa mga kabataang panatiko ng BL movie series ay kontrolin ang sarili mula sa madalas na panonood sa mga ito sapagkat kinokondisyon ang iyong utak sa paniniwalang hindi totoo na batay sa BL na pinapanood.
- Sa mananaliksik, ang pagsiyasat sa mga kaso ng gender-shift ay mainam na tinginan ang mga sumusunod na mga aspeto: Sikolohikal, emosyunal, at sosyal.
- Sa Lipunan, ay maging bukas sana ang bawat isa sa pagtanggap sa mga usaping pangkasarian.

**6. Mga Sanggunian**

Abueg, L. What Can Gender Economics Learn From the Pinoy BL Genre of the COVID-19 Pandemic? file:///C:/Users/User/Downloads/9095-61-27151-1-10-20230512-1.pdf

Bussey, K., & Bandura, A. (1999). Social cognitive theory of gender development and differentiation. *Psychological review*, *106*(4), 676–713. https://doi.org/10.1037/0033-295x.106.4.676

Cohen-Kettenis, P. T. (2005). Gender Change in 46,XY Persons with 5α-Reductase-2 Deficiency and 17β-Hydroxysteroid Dehydrogenase-3 Deficiency. *Archives of Sexual Behavior*, *34*(4), 399–410. https://doi.org/10.1007/s10508-005-4339-4

Cruz, M. (2021, December 9). *Pinoy Boys' Love: A rising phenomenon in time of COVID-19 explained | Inquirer Entertainment*. INQUIRER.net. https://entertainment.inquirer.net/429257/pinoy-boys-love-a-rising-

phenomenon-in-time-of-covid-19-explained

Deng, Y., Chang, L., Yang, M., Huo, M., & Zhou, R. (2016). Gender Differences in Emotional Response: Inconsistency between Experience and Expressivity. *PLOS ONE*, *11*(6), e0158666. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0158666

McCombes, S. (2023, June 22). *Descriptive Research | Definition, Types, Methods & Examples*. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research//

Duncanson, C. (2015). Hegemonic masculinity and the possibility of change in gender relations. *Men And Masculinities*, *18*(2), 231–248. https://doi.org/10.1177/1097184x15584912

Galit, G. (2022). E-cheat: Pagsiyasat sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn sa panahon ng pandemya. International Journal of Research Studies in Education, 11(15), 29-45. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b027

GMA News Online. (n.d.). Sino nga ba ang mga millennial? *Balitambayan*. https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/talakayan/658280/sino-nga-ba-ang-mga-millennial/story/

Haller, M., & Hoellinger, F. (1994). female employment and the change of gender roles: the conflictual relationship between participation and attitudes in international comparison. *International Sociology*, *9*(1), 87–112. https://doi.org/10.1177/026858094009001006

Killermann, B. S. (n.d.). *My TED talk: Understanding the Complexities of Gender - It's pronounced metrosexual*. It's Pronounced Metrosexual. https://www.itspronouncedmetrosexual.com/2013/05/my-ted-talk-understanding-the-complexities-of-gender/

Libretexts. (2021, September 16). *15.4: Development of Gender Identity*. Social Sci LibreTexts. https://socialsci.libretexts.org/Courses/Rio_Hondo/CD_106%3A_Child_Growth_and_Development_(Andrade)/15%3A_Adolescence_-_Social_Emotional_Development/15.04%3A_Development_of_Gender_Identity

*Library Research Guides: Philosophy: Introduction to Queer Theory*. (n.d.). https://guides.libraries.indiana.edu/c.php?g=995240&p=8361766

Maguire, M., & Delahunt, B. (2017, October 31). *Doing a thematic analysis: A practical, step-by-step guide for learning and teaching scholars.* https://ojs.aishe.org/index.php/aishe-j/article/view/335

Palkki, J., & Sauerland, W. (2018). Considering gender complexity in music teacher education. *Journal of Music Teacher Education*, *28*(3), 72–84. https://doi.org/10.1177/1057083718814582

Reyes, M. (2020). Ang Boy Love Series Bilang Diskurso: Isang Komparatibong Analisis Ng 2GETHER THE SERIES Ng Thailand At HELLO STRANGER Ng Pilipinas (Boy Love [BL] Series As a Discourse: A Comparative Analysis Of 2GETHER THE SERIES Of Thailand And HELLO STRANGER Of Philippines). 8812-397-26591-1-10-20230210-1.pdf

Rev. (2024, March 15). *How to analyze interview transcripts in qualitative research*. Rev Blog. https://www.rev.com/blog/transcription-blog/analyze-interview-transcripts-in-qualitative-research

Roller, M. R., & Lavrakas, P. J. (2015). Applied qualitative research design: A total quality framework approach.

Williams, M., & Moser, T. (2019). The Art of Coding and Thematic Exploration in Qualitative Research. *International Management Review*, *15*(1). http://www.imrjournal.org/uploads/1/4/2/8/14286482/imr-v15n1art4.pdf

Wolf, M. A. (1996, October 31). *Gender Shift through Adulthood: Educational Responses to Changing Lifespan Roles.* https://eric.ed.gov/?id=ED401384